

## Mga apektadong mag-aaral at propesyunal sa Marawi may scholarship grant mula sa DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

**B**ilang pagsuporta sa rehabilitasyong isinasagawa sa lungsod ng Marawi, 225 na mag-aaral at mga propesyunal na naapektuhan ng limang buwang digmaan ang makakatanggap ng scholarship grant mula sa Department of Science and Technology-Science Education Institute (DOST-SEI).

Isang Memorandum of Agreement (MOA) ang pinirmahan sa pagitan ng DOST-SEI at Mindanao State University (MSU) System noong ika-26 ng Enero 2018 sa MSU campus sa lungsod ng Marawi upang ilunsad ang DOST-SEI Bangon Marawi Program on Science and Technology Human Resources Development (STHRD).

Sa ilalim ng kasunduan, magbibigay ng scholarship grant ang DOST-SEI sa mga piling mag-aaral sa MSU Marawi City campus na kumukuha ng mga kursong nasa ilalim ng Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM). Ang mga napiling iskolar ay makakatanggap ng P10,000 kada semestre na pang-matrikula, P6,000 kada buwan na living allowance, at P10,000 kada taon na book allowance.

Samantala, magbibigay naman ang DOST-SEI ng pinansyal na suporta sa mga

sundan sa pahina 2

## Mga Nilalaman

DOST-PHIVOLCS inilunsad ang PEM Atlas ..... p3

P270M na parangal handog ng Newton Agham para sa pagsulong ng S&T sa bansa..... p4

LarawaNews..... p4

## Mga benepisyong dulot ng pagsunod sa PH Standard Time

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

**N**aniwala ang Department of Science and Technology (DOST) na may pangkalahatang benepisyong maidudulot sa mga Pilipino kung ang kanilang mga orasan ay nakaayon sa Philippine Standard Time (PhST).

“Habang hinihikayat namin ang publiko na iakma ang lahat ng kanilang orasan sa Philippine Standard Time (PhST), nais din naming itaguyod ang magandang gawi, tulad ng hindi pagiging huli at pag-iwas sa pagdadahilan sa pagsasagawa ng ating mga tungkulin,” sambit ni DOST-Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) Administrator Dr. Vicente B. Malano sa press conference para sa selebrasyon ng National Time Consciousness Week.

Ginapan ito noong ika-5 ng Enero 2017 sa PAGASA Amihan Conference Room sa Quezon City.

Ayon kay Dr. Malano, kung ang lahat ng mga tanggapan, mga pribadong kumpanya, at mga lokal na gobyerno ay makikiisa sa pag-aakma ng kanilang mga orasan sa PhST, nangangahulugan lang na seryoso tayong tutupad sa ating mga tungkulin sa tama at itinakdang oras.

“Napakahalaga para sa ahensyang tulad namin (DOST) na bigyang importansya ang pagsunod sa mga deadline at call time, kung nais naming makuha ang tiwala ng publiko sa mga serbisyong ibinibigay namin sa kanila,” pagbabahagi ni Dr. Malano.

Ang kahalagahan ng pag-aakma ng lahat ng orasan sa bansa ay isinasaad sa Republic

sundan sa pahina 2



Isa-isang sinagot nina DOST-PAGASA Administrator Dr. Vicente B. Malano at DOST-STII Director Richard P. Burgos ang mga katanungan ng mga kawani ng media na dumalo sa isinagawang press conference para sa pagdiriwang ng National Time Consciousness Week. (Teksto ni Allan Mauro V. Marfal at Larawan ni Gerardo G. Palad, DOST-STII).

*Mga benepisyong...*  
**Mula sa pahina 1**

Act 10535 o mas kilala bilang Philippine Standard Time Act of 2013. Ang batas ay nag-uutos sa lahat ng opisina ng gobyerno at media networks na gamitin ang PhST bilang batayan. Nagtatakda rin ng kaparusahan para sa mga institusyon na hindi susunod sa mga itinakdang requirements ng PhST. Isinasaad din sa nasabing batas na tuwing unang linggo ng Enero ay ipagdiriwang ang National Time Consciousness Week.

Ang DOST-PAGASA ang opisyal na tagapangalaga ng oras sa Pilipinas simula pa noong 1978.

Samantala, naniniwala si DOST-Science Technology Information Institute (STII) Director Richard P. Burgos na lahat ng mga industriya, negosyo, at propesyon ay makikinabang kung ang pagiging maagap sa pagtupad sa mga gawain ay uugaliin ng bawat Pilipino.

“That is why we are celebrating this (National Time Consciousness Week) and we are encouraging everyone to sync their watches and clocks with Philippine Standard Time, to remind us that, if we practice ourselves to be always on time, we could generate more income, we could save more lives, we could build better careers, and we could have a successful life,” pahayag ni Dir. Burgos.

Ayon naman kay Dr. Aristotle P. Carandang, hepe ng Communication Resources and Production Division ng DOST-STII, ang mga kauna-unahang sumunod sa nasabing batas ay ang: DOST-Region XI office sa Davao City bilang unang government office; San Pablo City sa Laguna bilang unang local government unit (LGU); at Cauayan City sa Isabela bilang kauna-unahang LGU, kung saan ang lahat ng kanilang mga barangay ay nag-didisplay ng digital clock na nakaakma sa PhST.

Samantala, ibinahagi pa rin ni Dr. Carandang ang mga simpleng pamamaraan na isinasagawa ng mga opisina ng DOST upang madagdagan ang kaalaman ng publiko tungkol sa PhST, lalo pa’t ang pangunahing layunin nito ay maipaalala sa mga Pilipino ang kahalagahan ng pagrespeto sa oras ng ibang tao. Kabilang na rito ang pag-uumpisa sa takdang oras ng kanilang mga aktibidad at seminar na inoorganisa.

Idinagdag pa niya na ang DOST-STII ay ang ahensya na inatasan ng batas na magsagawa ng mga promotinal activities na may kinalaman sa PhST, kasama na ang pagdiriwang ng National Time Consciousness Week.



Masayang nagpakuha ng larawan ang mga napiling iskolar mula sa Mindanao State University (MSU) Marawi City campus sina (nakaupo mula sa kaliwa) MSU-Iligan Institute of Technology Chancellor Sukarno D. Tanggol, DOST Secretary Fortunato T. de la Peña, at MSU System President Dr. Habib W. Macaayong. (Teskto ni Allan Mauro V. Marfal at Larawan ni Henry A. de Leon, DOST-STII).

*Mge apektadong...*  
**Mula sa pahina 1**

S&T professional sa lungsod ng Marawi upang makakuha sila ng masteral at doctoral degrees na may kinalaman sa Science at Engineering sa anumang unibersidad sa Mindanao na nirerekomenda ng DOST-SEI. Dalawampung full-time graduate students ang napili ng DOST-SEI, na makakatanggap ng P25,000 kada buwan na living allowance, P10,000 kada taon na book allowance, P200,000 research grant assistance, at halaga ng tuition fee ng unibersidad na kanilang papasukan. Sampung full-time na PhD students naman ang makakatanggap ng P33,000 kada buwan na living allowance, P10,000 kada taon na book allowance, P475,000 na research grant assistance, at eksaktong halaga ng matrikula ng unibersidad na kanilang papasukan.

Ayon kay DOST Secretary Fortunato T. de la Peña, ang limang buwang digmaan na naganap sa lungsod ng Marawi ay nagdulot ng matinding pinsala, hindi lamang sa mga imprastruktura at buhay ng mga residente roon, kung hindi pati sa kinabukasan ng ilang mag-aaral na Maranao.

“Ang oportunidad na ibibigay ng DOST-SEI sa mga napiling iskolar dito sa lungsod ng Marawi ay maaaring makatulong nang malaki sa pagbabalik ng masaganang pamumuhay at dating ganda ng Marawi,” ayon kay Sec. de la Peña.

Pagpapaliwanag pa ng Kalihim na ang masamang naidulot ng limang buwang digmaan sa Marawi ay magsisilbing inspirasyon

sa mga residente roon na bumuo ng thesis o research projects na sumesentro sa pagpapanumbalik ng kaunlaran ng Marawi.

Samantala, umaasa naman si Dr. Josette T. Biyo, direktor ng DOST-SEI, na ang mga scholarship grant na kanilang ipagkakaloob ay magsisilbing daan upang tumaas ang bilang ng mga siyentista, inhinyero, at mga pinuno ng industriya sa lungsod ng Marawi.

“Naniniwala kami sa kakayahan ng mga taga-Marawi na magbigay ng napapanahong solusyon sa mga limitasyon at ilang mga pagsubok na kinakaharap ng kanilang lugar,” sabi ni Dr. Biyo.

**ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD**  
Editor-in-Chief

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**  
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout Artist

**RODOLFO P. DE GUZMAN**  
Proofreader

**ALLAN MAURO V. MARFAL**  
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.



## DOST-PHIVOLCS inilunsad ang PEM Atlas Gabay sa urban planning at pagtatayo ng earthquake-resilient na mga gusali

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*

**D**ILIMAN, Quezon City – Bilang tugon sa isang 7.2 magnitude na lindol na maaaring yumanig anumang oras sa Metro Manila, inilunsad ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) ng Department of Science and Technology (DOST) ang Philippine Earthquake Model (PEM) Atlas noong ika-17 ng Enero 2018 sa tanggapan ng DOST-PHIVOLCS.

Ang PEM Atlas ay isang handbook na naglalaman ng seismic hazard maps. Malaking tulong ang mga mapang ito sa pagtukoy kung anu-anong mga lugar ang maaaring maapektuhan ng lindol. Ito rin ang gabay ng mga inhinyero sa pagdidisenyo ng mga earthquake-resilient na mga gusali.

“The Philippine Earthquake Model Atlas is the first of its kind in the country as a result of data gathered that highlight important parameters like the seismicity, active faults and trenches, ground motion prediction, ground acceleration, and others for the entire Philippines and Metro Manila that can help land developers, urban planners, engineers, local government agencies, and other stakeholders on appropriately designing houses, buildings and other structures to be earthquake-resilient,” wika ni Dr. Renato U. Solidum Jr., undersecretary ng

DOST para sa Disaster Risk Reduction and Climate Change Adaptation at officer-in-charge ng DOST-PHIVOLCS.

Pinuri naman ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña ang DOST-PHIVOLCS. Dagdag pa niya, isa sa mga mandato ng DOST ang pagsasaliksik at paghahanap ng mga solusyon sa mga problema ng lipunan gamit ang agham at teknolohiya.

“This is a daring attempt to study and learn hazards of earthquake; we cannot forecast but we can study the probability of its occurrence like PAGASA with a 100-year record of weather events, and it is good that PHIVOLCS has kept records of where and when earthquakes occur because historical records have a role in these maps,” ayon kay Sec. de la Peña.

Makikinabang din ang mga lokal na pamahalaan sa paggamit ng PEM Atlas dahil matutulungan silang matukoy ang mga peligrosong lugar na kinalalagan ng mga active faults. Bukod pa rito, makakadagdag din sa pag-update ng National Structural Code of the Philippines (NSCP) ang impormasyong dala ng PEM Atlas. Ang NSCP ay ang referral code ng National Building Code na siyang magiging batayan sa pagtatayo ng earthquake-resilient na mga gusali gaya ng mga bahay at commercial

establishments, pati na rin ng mga kritikal na mga istruktura gaya ng mga dam, ospital, at tulay. Kasama rin dito ang mga gusaling gumagamit ng nuclear, kemikal, at biyolohikong mga produkto.

Ayon pa sa DOST-PHIVOLCS, naglalaman din ang PEM Atlas ng Peak Ground Acceleration Maps at Spectral Acceleration Maps. Ang mga mapang ito ay nabuo mula sa Probabilistic Seismic Hazard Analysis (PSHA) na pinagtutulungan gawin ng mga seismologist, geologist, engineer, at mga mananaliksik mula sa DOST-PHIVOLCS. Kumonsulta naman ang mga eksperto ng DOST-PHIVOLCS sa Department of Public Works and Highways (DPWH), Philippine Institute of Civil Engineers (PICE), Association of Structural Engineers of the Philippines (ASEP), University of the Philippines Diliman – Institute of Civil Engineering (UPD-ICE), DOST- Philippine Nuclear Research Institute (PNRI), De la Salle University (DLSU), National Housing Authority (NHA), Insurance Commission (IC), Philippine Insurers and Reinsurers Association, Inc (PIRA), Metro Manila Development Authority (MMDA), Office of Civil Defense (OCD), at Metro Manila LGUs.

“We also thank the DPWH for their unwavering support to this project that started three years ago with a budget of P36 million, P21 million of which came from DPWH and the rest from DOST-PHIVOLCS,” sabi ni Usec. Solidum.

Nakatanggap ng mga kopya ng PEM Atlas ang mga partners ng DOST-PHIVOLCS. Samantala, maaaring pormal na humingi ng digital na kopya ang iba pang sektor na interesado sa nasabing Atlas.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa opisina ni Dr. Renato U. Solidum Jr., undersecretary ng DOST para sa Disaster Risk Reduction and Climate Change Adaptation at officer-in-charge ng DOST-PHIVOLCS sa numerong (632) 926-2611 at (02) 426-1468 o bumisita sa kanilang website [www.phivolcs.dost.gov.ph](http://www.phivolcs.dost.gov.ph). (Impormasyon mula kay Rodolfo P. de Guzman, *DOST-STII*).

# P270M na parangal handog ng Newton Agham para sa pagsulong ng S&T sa bansa

Ni Mark Francis S. España, *DOST-STII*

**K**inilala ng United Kingdom (UK), sa pakikipagtulungan ng Department of Science and Technology (DOST), Department of Agriculture (DA), at Commission on Higher Education (CHED) ang ilang mga natatanging indibidwal at institusyon noong ika-11 ng Enero 2018 sa UK Embassy sa Taguig City. Ginawaran sila ng Newton Agham Award na may kabuuang halaga na P270 milyon bilang suporta sa mga proyektong pang-agham at teknolohiya sa Pilipinas.

Sinabi ni British Ambassador Daniel Pruce na ang Pilipinas at ang UK ay mayroong matatag na ugnayan hinggil sa pagpapalawig ng agham at teknolohiya sa bansa na maaaring maging daan upang mapaunlad ang buhay ng maraming Pilipino.

Isa sa mga kategorya ng parangal ay ang Royal Academy of Engineering – DOST Leaders in Innovation Fellowship na naglalayong mapaunlad ang kakayahan ng ilang natatanging indibidwal sa larangan ng negosyo at komersyalisasyon. Dahil dito, magpapadala ng 15 delegado (sampung researchers at limang technology officers) ang Newton Agham sa UK para sa dalawang linggong pagsasanay. Ang mga piling delegado ay sina Rita Grace Alvero mula sa De La Salle-Health Sciences Institute; Ma. Cristina Bargo, Marie Antonette Meñez, Leo Allen Tayo at Crisron Rudolf Lucas mula sa UP Diliman; Michelle Macalintal mula sa Ateneo de Manila University; Evangeline Flor Manalang mula sa Philippine Textile Research Institute (PTRI); Ruel Mojica mula sa Cavite State University; Melvin Pasaporte mula sa UP Mindanao; Francis Aldrine Uy mula sa Mapua University; Jeffrey Montecillos



Kasama nina DOST Secretary Fortunato T. de la Peña (ikalima mula sa kanan), dating CHED Chairperson Patricia Licuanan (ika-anim mula sa kanan), at British Ambassador Daniel Pruce (ikapito mula sa kanan) ang mga pinarangalan ng Newton Agham Award. (Larawan ni Gerardo G. Palad, DOST-STII).

mula sa UP Cebu; Hermogenes Paguia mula sa Bataan Peninsula State University; Idona Marie Porlaje mula sa University of the Philippines System; Patricia San Jose from UP Manila; at Ranilo Violanta mula sa National Institute of Molecular Biology and Biotechnology.

Ipinahayag naman ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña na prayoridad ng ahensya ang pagpapalawig at pagpapaunlad ng agham at teknolohiya upang matulungan ang maliit na negosyo sa pandaigdigang merkado. "Philippine researchers have produced world-class research outputs and technologies, but the more important thing is, how to translate these to something useful," ayon pa sa Kalihim.

Binigyang diin din ng Kalihim na patuloy ang suporta ng DOST sa mga programa ng Newton Agham sa pagpapaunlad ng agham at teknolohiya sa Pilipinas at para sa paglago nito sa aspeto ng socio-economics.


Ang iba pang kategorya ng parangal ay ang mga sumusunod: Biotechnology and Biological Sciences Research Council (BBSRC) – Department

of Agriculture (DA) Swine and Poultry Initiative; British Council – Commission on Higher Education (CHED) Institutional Links; at British Council – CHED PhD Scholars.

Ibinahagi naman ng isang PhD iskolar ng British Council – CHED na si Paul Dominic Baniqued na ang kanyang pag-aaral sa robotics ay makakatulong upang makapag-develop ng robotic hand na magagamit sa physical therapy ng mga na-stroke at may pilay na pasyente. Idinagdag pa niya na ang kanyang magiging research topic ay "The development of neurotherapy using a soft robotic hand exoskeleton." Si Baniqued at ang iba pang tatlong napiling iskolar ng naturang scholarship ay nakatakdang lumipad patungo ng UK upang tapusin ang tatlong taong PhD program upang mas lalong mapaunlad ang kanilang kaalaman.

Ang Newton Agham ay mula sa Newton Fund na ginagamit upang mapaunlad ang agham at maipalaganap ang pag-unlad ng ekonomiya at ang katayuan sa buhay ng mga kasapi nitong bansa. Ang pondong ito ay bahagi ng UK Official Development Assistance Program.

## LarawaNEWS



**Bagong DOST-ITDI deputy director.** Pinangunahan ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña (kaliwa) ang panunumpa sa katungkulan ni Dr. Diana Lacambra-Ignacio (kanan) noong ika-23 ng Enero 2017. Itinalaga bilang bagong deputy director ng Administrative and Technical Services sa DOST-Industrial Technology Development Institute (ITDI) si Dr. Ignacio na dating chief administrative officer ng nasabing institusyon. Ilan sa mga serbisyong hatid ng DOST-ITDI ay ang mga test at analysis, food engineering, metrology, process engineering, packaging research, clean production, at iba pa. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring silang tawagan sa numerong (02) 837-2071 hanggang 82 o bisitahin ang kanilang website [www.itdi.dost.gov.ph](http://www.itdi.dost.gov.ph). (Teksto ni Rodolfo P. De Guzman at Larawan ni Gerardo G. Palad, DOST-STII).